

GUMAWA NG TAMANG DESISYON PARA SA IYO AT SA PAMILYA MO



Hindi nalalapat ang pampublikong pananagutan sa lahat ng immigrant. Magkakaiba ang bawat pamilya, at ang mga programang tumutulong sa iyong pamilya ay maaaring hindi bahagi ng mga bagong pagbabago sa patakaran. **Maraming tao at organisasyon ang makakatulong sa iyo.** Mabibigyan ka ng abugado sa immigration, na pamilyar sa isyung ito, ng payo batay sa iyong partikular na sitwayson. Maaari ka ring mabigyan ng tulong at legal na payo ng mga lokal na non-profit na organisasyon.


ANO ANG PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN?

Ang ilang tao na nag-a-apply para sa green card (legal na permanenteng paninirahan) o visa para makapasok sa U.S. ay dapat pumasa sa pagsusuri sa “pampublikong pananagutan” – na tinitingnan kung ang isang tao ay malamang na gagamit ng ilang partikular na serbisyo ng gobyerno sa hinaharap. Sa pagtukoy na ito, sinusuri ng mga opisyal ng immigration ang lahat ng sitwasyon ng tao, kabilang ang kanilang edad, kita, kalusugan, edukasyon, o mga kasanayan (kabilang ang kakayahan sa wikang English), at affidavit ng suporta o kontrata ng sponsor. Maaari rin nilang isaalang-alang kung ang tao ay gumamit na ng ilang partikular na pampublikong programa.

Isinasaalang-alang ng bagong pagsusuri sa pampublikong pananagutan ng DHS ang:



- Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, “EBT” o “Mga Food Stamp”)
- Tulong mula sa Federal Public Housing at Seksyon 8
- Medicaid (maliban sa mga serbisyo sa emerhensiya, mga batang wala pang 21 taong gulang, buntis, at bagong panganak)
- Mga programa ng tulong sa pananalapi (tulad ng SSI, TANF, General Assistance)

Karamihan sa mga tao na napapailalim sa bagong panuntunan ay hindi kwalipikado para sa mga nakalistang benepisyo sa itaas. Hindi ibibilang ang mga serbisyong hindi nakalista sa itaas sa pagsusuri sa pampublikong pananagutan. Kabilang dito ang WIC, CHIP, mga pagkain sa paaralan, bangko ng pagkain, shelter, pang-estado o lokal na programa sa pangangalagang pangkalusugan, at marami pang iba.



Ikaw at ang mga miyembro ng iyong pamilya ba ay mga Mamamayan ng U.S.?

HINDI nalalapat sa iyo ang pampublikong pananagutan. Dapat mong ipagpatuloy ang pagpapatala sa mga programa kung saan kwalipikado ka.



Ikaw at ang mga miyembro ng iyong pamilya ba ay may mga green card na?

HINDI MAKAKAAPEKTO sa iyo ang pampublikong pananagutan at anumang pagbabago sa ilalim ng mga bagong panuntunan kapag nag-renew ka ng iyong green card o nag-apply para maging isang Mamamayan ng U.S. Gayunpaman, kung plano mong umalis sa bansa nang higit sa 6 na buwan, mainam na makipag-usap ka sa isang abogado sa immigration.



Nag-a-apply o mayroon ka ba ng isa sa mga sumusunod na katayuan? *TPS, U o T Visa, katayuang Asylum o Refuge, o Espesyal na Katayuang Immigrant na Juvenile?*

HINDI nalalapat ang pagsusuri sa pampublikong pananagutan sa lahat ng immigrant, kabilang ang mga categoryang nakalista rito. Kung mayroon ka na o nasa proseso ka ng pag-apply para sa isa sa mga katayuan sa immigration, maipagpapatuloy mo ang paggamit sa anumang programa ng pamahalaan kung saan kwalipikado ka.



Nagpaplano ba ang iyong pamilya na mag-apply para sa green card na nakabatay sa pamilya o sa visa?

Ang paggamit lang sa mga nakalisting pampublikong programa sa unang pahina ang isasaalang-alang sa pagsusuri sa pampublikong pananagutan. Isasaalang-alang din ang iyong kita, edad, kalusugan, edukasyon, mga kasanayan, sitwasyon ng pamilya mo, at affidavit ng suporta ng sponsor. Dapat kang makipag-usap sa isang eksperto para sa payo tungkol sa iyong kaso bago gumawa ng anumang pasya. Para sa mga libre o murang opsyon sa iyong lugar, pumunta sa:

<https://www.immigrationadvocates.org/nonprofit/legaldirectory/>.

